

PROLOGUE

“Tbalik mo ang lunch box niya!” nakapamewang na utos ni Alexa sa batang lalaki na malaki pa sa kanya. Matagal nang binu-bully nito ang best friend niya.

“Ayaw ko nga!” nagmamatigas na sagot nito. Ilang segundo lang ang lumipas at nakuwelyohan na niya ito at nahablol na niya ang lunch box.

“Sa susunod, huwag mo na lalapitan si Mickey, ha!” pasinghal na sabi niya. “Kung ayaw mong ipagkakalat ko sa lahat ng classmates natin na jumebs ka sa shorts mo noong Grade One tayo!”

“Okay ka lang, Mickey?” tanong niya sa batang payat na mas maliit sa kanya habang isinasauli dito ang lunch box nito.

Inakbayan niya ito at saka sila naglakad pabalik sa waiting area kung saan nananatili ang mga batang wala pang sundo.

Hindi na bago ang mga eksenang ganoon. Simula nang kinder pa lang sila, naging tagapagtanggol na siya ni Mickey hanggang ngayong Grade Two na sila. Palibhasa ay tahimik ito at pinong kumilos kaya laging napag-iinitan ng ibang bata.

25 Days without You - Leira Carlos

Nag-iisang anak na babae si Alexa. May apat na kapatid siya na pawang mga brusko. Hindi na nakapagtata kang mas lalaki kaysa sa babae siya kung kumilos.

1

Nagmamadaling hinabol ni Alexa ang jeep. Kagagaling lang niya sa Montessori school na pinagtuturuan niya. May maikling pagtatanghal ang mga batang um-attend ng summer program ng school at nagkaroon ng munting salu-salo. Mukhang male-late siya sa lunch date nila ng pamilya.

“Makikiurong lang ho,” pakiusap niya sa babaeng tila doble ang pamasaheng ibinayad sa pagkakaupo nito. Tiningnan muna siya nito bago mayamaya ay umusod.

Asiwang pinalis niya sa mukha niya ang buhok ng babaeng katabi niya, may kahabaan iyon at nililipad ng hangin. Muli niyang ibinalik ang diwa sa pangangarap sa guwapong mukha ng biyudong daddy ng isa sa mga estudyante niya.

Crush na crush niya talaga ang lalaki. Pagkaguwapo-guwapo naman kasi nito at kung pagbabasehan ang ugali ng anak nito, natitiyak niyang mabuti itong ama sa bata. Kawawa nga lang kasi kay agang nabiyudo at naiwan sa pangagalaga nito ang apat na taong gulang na anak.

Maging si Jessyca ay kinagigiliwan niya. Sa katunayan ito ang lihim na paborito niya sa lahat ng estudyante niya. Hindi dahil naaawa siya dito dahil ulila na sa ina at hindi rin dahil anak ito ng papalicious na si daddy Jon; na aminin na niya, ay kadalasang pinapangarap niyang mapangasawa. Kundi dahil napaka-sweet ng bata, sa kanya at maging sa mga kaklase nito. Bukod doon ay matalino ito at kay daling pagsabihan. Hindi ito basta-basta nangunguha ng laruan o gamit na hawak pa ng ibang bata kapag naisipan nito.

Kinusot ni Alexa ang nangating mata nang doon naman tumama ang ilang hibla ng buhok ng babae. Huminga muna siya nang malalim bago nilingon ang babae.

“Miss, baka naman puwedeng pakitali o kaya hawakan mo ’yang buhok mo kasi kanina pa tumatama sa mukha ko.”

Tinaasan siya ng kilay nito, “Kung ayaw mong natatamaan ka ng buhok, eh ’di sana nag-taxi ka na lang, miss,” mataray na sagot nito.

Nanluwang ang butas ng ilong ni Alexa, pero pinigil pa rin ang pag-akyat ng dugo sa ulo niya.

“Arte!” pabulong na dugtong pa nito.

Positive thoughts... positive thoughts....muli niyang binalikan ang mga sinabi sa kanya ng hot daddy. "Sayang nga hindi kayo ang naging teacher niya this summer."

Sayang dahil gustung-gusto siya ng anak nito o sayang dahil hindi sila gaanong nagkita nito? Kinilig siya nang kaunti, realistic naman siyang tao. Wala namang ipinapakitang motibo ang daddy ng bata. Kahit naman noong nakaraang school year at paminsan-minsan silang nag-uusap nito, hindi naman ito nagpakita ng ekstrang interes sa kanya. O baka naman iniisip lang ni Jon na hindi tama dahil estudyante niya ang anak nito? Oh well, libreng mangarap. Lulubusin na niya. Baka pag-graduate ni Jessy sa pre-school at lumipat na ito sa big school, ihayag na ni Hot Daddy ang undying love nito sa kanya.

Mami-miss lang niya sandali ang bata, pero pag-inaya na siya ni Jon na magpakasal, araw-araw na silang magkakasama ng future stepdaughter niya.

Iritableng inalis ni Alexa mula sa bibig ang ilang hibla ng buhok. Na-highblood na siya nang tuluyan. Kung hindi nga lang siguro siya teacher at nakasanayan na niya ang magtimpi at manatiling mabuting halimbawa sa mga tao, baka hindi na siya

nakapagpigil at kanina pa niya hinablot at hinila ang buhok ng babae.

“Miss, isang beses pang tumama sa mukha ko ang buhok mo, kakalbuhan na talaga kita!”

Sa ekspresyon sa mukha ng perwisyong babae, tila aalma pa ito. Tiniyak niyang hindi na magagawa nito iyon. Pinandilatan niya ito ng mata. “Gusto mong subukan kung gagawin ko?”

Inirapan man siya nito, pasimpleng inipon nito ang buhok sa kabilang balikat at hindi na pinakawalan ng isa nitong kamay ang mga iyon. Mabuti na lang, dahil kung hindi baka ilabas niya talaga ang art scissors sa bag niya at gawin niyang tila buhok ni Mila Jovovich sa *Joan of Arc* ang buhok nito.

Nang medyo kumalma na si Alexa, nakaramdam siya ng hiya lalo pa at nakita niya ang mga ngiting pinipiit ng ibang pasahero. Kinumbinsi niya ang sarili na nakakairita lang talaga ang katabi niya kaya niya ito sininghalan.

Walang kinalaman ang pagkakaalala niya sa mukha ng super ganda at sobrang sexy na family 'friend' ng hot daddy. Ito na raw ang magbabantay kay Jessy dahil umalis na ang yaya nito.

2

Lihim na nagpasalamat si Mike sa babaeng pumagitna sa kanya at sa babaeng walang pakialam sa mundo na hinahayaang lampasuhin ng buhok nito ang mukha niya na animo'y sahig na nanggigitata. Kanina pa siya nagtitimpi pero dahil gentleman siya, hindi naman niya makuhang pagsabihan ang babae.

A. M. Mendoza, namuo ang maliit na ngiti sa labi ng binata. Inangat niya ang tingin mula sa bag tag na nakasabit sa backpack ng katabi niya, patungo sa mukha nito. Malamang sa hindi, Alexandra Mikhael ang ibig sabihin ng A.M. na iyon.

Halos sigurado na siya na ito ang kaibigang lihim niyang iniiyakan noong mga panahong kararating lang nila ng mommy niya sa Saudi. Hirap na hirap siyang mag-adjust noon sa bagong kapaligiran at eskuwelahan, hindi pa nakatulong na gaya ng dati ay madalas siyang pagkatuwaan ng mga kaklase.

Bagay sa maamo sanang mukha nito, kung hindi lang ginalit ng babaeng bida sa *The Ring*, ang maiksing layered cut na buhok nito. Feminine ang features ng mukha nito pero kung tama ang pagkaka-alala niya dito, walang kahit na anong feminine sa kilos nito.

Unless nagbago na ito.

Pasimpleng tiningnan niya ang suot at pagkakaupo ng dalaga. *Some people never change*, aniya sa isip. Gusto niya iyon, dahil kung hindi lang sila pinasunod ng daddy niya sa Saudi, sigurado siyang matalik na magkaibigan pa rin sila ng babae hanggang ngayon.

“Alexa?” Binawi niya ang kamay na ipinangkalabit dito, nagkaroon kasi siya ng vision na gusto nitong pilipitin ang mga daliri at pupulsuhan niya gaya ng itinuturo sa mga self-defense class.

Lalong nangulubot ang noo nito habang nakatitig sa kanya. Kahit naman siya ay hindi ito namukhaan, kung hindi lang niya nakita ang pangalan nito, hindi niya iisiping ito ang best friend niya simula kinder hanggang grade six.

“Michael? Michael de Veas?” nag-aalinlangang pakilala niya dito. Hindi siya sigurado kung natatandaan pa siya nito. Ilang taon din kasi ang lumipas mula nang huli sila nitong magkita.

“Mickey!” malakas na bulalas nito kasabay ng pagliliwanag ng mukha. Bigla siya nitong niyakap nang mahigpit. Nasiko tuloy nito ang babaeng kanina lang ay kinagalitan nito. Ang lakas ng aray nito, pero di pinansin ng dalaga na tila balak siyang pigain,

hindi pa rin ito bumibitiw sa kanya.

Tumatawang napailing si Mike. Hindi siya magtataka kung isipin ng mga ibang pasahero na may multiple personality disorder ang dalaga.

Tinitigan nito ang mukha niya, hinagod ng tingin ang kabuuan niya. Iiling-iling ito at halatang hindi makapaniwala sa laki ng ipinagbago niya, “Grabe! Ang laki mo na, ah!” Ang lakas ng tawa ni Mike. Buong biyahe sila nitong nagkuwentuhan, kahit na naipit pa sila sa mabagal na traffic, hindi na nila iyon napansin. Sa makakakita sa kanila, iisipin na hindi lumipas ang labindalawang taon na ni minsan ay hindi sila nagkita nito.

Nalaman niyang nakapagpatayo na pala ang pamilya ni Alexa ng bahay walong taon na ang nakalilipas. Nang magbalik kasi silang mag-ina sa Pilipinas para makapagkolehiyo siya, wala siyang inaksayang panahon para puntahan ang kaibigan sa dating apartment compound na siyang kapwa inuupahan ng kani-kanilang mga pamilya bago sila pumunta ng Saudi.

Sa kasamaang palad, wala naman sa mga kapitbahay nila roon ang makapagsabi kung saan na lumipat ang mga ito.

Matapos lang ang ilang minutong kumustahan at balitaan ay mabilis silang bumalik nito sa kung paano ang relasyon nila bago siya umalis kasama ng ina patungong Saudi. Nanghinayang tuloy si Mike na sa dami ng paraan na dulot ng teknolohiya para magkaroon ng koneksyon sa mga dating kakilala ay hindi sila nagkaroon ng komunikasyon ni Alexa. O mas tamang sabihin na alinsunod sa maya't mayang paalala ng kanyang ama, mas pinili niyang sikaping makipagkaibigan sa mga bagong mukha na nakapaligid sa kanya kaysa magmukmok dahil sa matalik na kaibigang naiwan sa Pilipinas.

Kahit papaano, may mabuti rin palang naidulot ang pagkasira ng sasakyan niya, muli niyang nakita si Alexa.

Ngayong kaharap na niya itong muli at sa pag-uusap nila, masasabi niyang hindi nagbago ang personalidad at ugali ng kaibigan.

Nalaman niyang teacher ito sa preschool na hindi na niya ikinagulat dahil naman kahit noong mga bata pa sila, mabait at maasikaso ito sa mga kasama nila sa service. Gustung-gusto nito na tinatawag na Ate ng mga mas bata sa kanila.

“Kumusta na sina Tita Annie at Tito Bert?”

“Okay naman, si Daddy nasa Saudi pa rin. Si Mommy kasama ko ulit bumalik dito noong mag-college na 'ko,” tugon niya. “Eh family mo, kumusta na?”

Ngumiti ito at kita sa lalong pag-aliwalas ng mukha kung gaano nito kamahal ang pamilya at kung gaano ito kasaya sa tuwing maaalala ang mga magulang at kapatid. “Naku eh di ganoon pa rin! Magulo at maingay!”

“Nakakatuwa, alam mo ba. Parang premonition of some sort!” namimilog ang mga matang patuloy nito. “Si Nanay noong isang araw lang, bigla kang naalala at itinanong sa akin kung wala pa rin daw ba akong balita sa 'yo.”

Ikinatuwa niya ang narinig, napamahal na rin kasi ang ginang sa kanya at kung ituring siya nito ay animo isa siya sa mga anak nito sa tuwing naglalagi siya sa mga bahay ng mga Mendoza.

Biglang natigilan si Alexa at tila may naisip na makabagong imbensyon sa excitement na hinablot nito ang braso niya at pinisil iyon nang mariin.

“Sama ka!” pautos na pamimilit nito.

Ikinagulat ni Mike ang pag-aya nito sa kanya sa pagsasaluhang tanghalian ng pamilya nito. Oo nga

25 Days without You - Leira Carlos

at close siya maging sa pamilya nito, pero naiilang din siya na noong araw na iyon lang sila muling nagkita pero hayun siya at makikigulo sa pribadong selebrasyon ng mga ito.

3

“I can’t wait to see everybody’s reaction kapag nakita ka na nila!”

Inaya ni Alexa ang binata na sumama sa kanya sa isang restaurant sa mall kung saan magkikita sila ng pamilya. Kagagaling lang nito sa isang basketball game kasama ang mga kaibigan nito sa trabaho. Wala itong lakad kaya kahit na halatang nagdadalawang-isip, dahil na rin sa pangungulit niya ay pinaunlakan nito ang imbitasyon niya.

“Okay lang ba itong suot ko? Saka hindi ba nakakahiya, ni hindi pa nga ako nakakapag-shower, eh,” nag-aalalang tanong nito sa kanya habang naglalakad sila sa mall. Sinulyapan niya ito, nakapagpalit na si Mike ng damit at maayos naman ang suot nito. Inilapit niya ang mukha sa katawan nito at suminghot nang mahaba at malalim.

“Okay lang iyan! Kinaya naman ng *Rexona* mo, eh,” ngingisi-ngising sabi niya. “Saka as if naman sa restaurant sa hotel tayo kakain, sa *Savory* lang naman.”

Tulad niya ay at ease na at ease pa rin sa kanya

ang binata, hindi na rin siya nagtaka, nang feeling close na ikawit nito ang braso sa leeg niya at hapitin siya hanggang halos nakadikit na ang mukha niya sa kili-kili nito. “Hindi nga? Amuyin mo nga ulit.”

“Ano ba? Yuuuck!” Tumatawang hinampas ni Alexa ang dibdib nito. Nagulat siya na matigas ang dibdib nito, dama niyang muscle at hindi buto ang nadadampian ng palad niya. Nanibago rin siya na ito na ang umaakbay sa kanya at siya na ang tumitingala para makita ang mukha nito. Sa isip kasi niya ay ito pa rin ang Mickey na maliit at patpatin na halos linggo-linggo ay kailangan niyang ipagtanggol.

Sinusubukan pa rin niyang ilayo ang sarili rito nang marating na nila ang restaurant. At hindi siya nabigo, nagulat nga ang buong pamilya niya, na sa bungad lang ng restaurant nakaupo, nang makita si Michael.

Nanlalaki ang mga mata ng Kuya Angelo niya. Panganay nila ang lalaki, masama ang tingin nito sa braso ni Michael na nasa balikat pa rin niya. Mas mahigpit pa ito kadalasan sa tatay nila.

Nagmano siya sa mga magulang at sinundan naman ng binata ang kanyang ginawa. Tahimik na pinagmamasdan lang sila ng mag-asawa. Daig pa ang na-maligno sa pagkakakita sa unica hija ng mga

ito na may lalaking nakaakbay na ni hindi pa kilala ng mga ito.

Inginuso ni Bryan, ang pangalawa sa mga kuya niya, ang binatang katabi niya. Ito na ang unang nagsalita, “Boyfriend mo, ’Tol?”

“Bilhan mo ng helmet! Bago malaman na lalaki ka talaga na nagbabalat-kayong babae.” Humirit na agad si Dylan, ang pang-apat sa mga lalaki na pinakamadaldal at makulit sa lahat, bago pa siya nakasagot.

Itinuro ni Alexa ang katabi gamit ang hinlalaki, “Ito?” saka siya natawa nang may kalakasan. Hindi nawala ang malawak na ngiti niya sa mga labi.

“Kailan pa naging boyfriend material si Mickey daga?”

Halos mapanganga ang mga ito. Hinagod ng tingin ang anim na talampakang kabuuan ng katabi niya. Hindi siya magtataka kung hindi agad maniwala ang pamilya niya na ito ang matalik na kaibigan niya na binansagan nilang ganoon dahil para itong daga sa liit, payat at itim.

Malayong-malayo ang hitsura nito ngayon doon.

“Mickey daga!” Halos sabay-sabay tumayo ang

mga kuya niya para kuyugin ang itinuring ng mga ito dati na kung hindi kakambal niya ay anino niya.

“Mike na raw ang pangalan niya ngayon,” nakangising pagtatama niya sa mga kapatid.

“Ah, kasi binata na. Alangan na nga naman ang Mickey daga, eh ang laki na ng itinangkad niya,” banat ni Carlos, pangatlong kuya niya, habang tinatapik sa likod ang binata.

“Oo nga, tuli na siguro,” malakas na bulong ni Dylan kay Carlos habang sinisiko ito sa tagiliran.

“Dylan!” nandidilat ang mga matang sita ng ginang sa anak. Nailing na tiningala ng dalaga ang kaibigan. Nakangising napakamot na lang si Mike sa kakulitan ng mga kapatid niya. Mukhang hindi naman nakalimutan ng kaibigan kung gaano kalakas mambuska ang mga haragang kapatid niya.

Tila nangangampanyang kandidato na nakipagkamay ang binata sa lahat ng mga kuya niya bago ito nakaupo.

Mahaba-habang kumustahan sa pagitan ng pamilya niya at ng binata ang sumunod sa gitna ng pagsasalu-salo sa fried chicken, chopsuey at fish fillet.

Paminsan-minsan, hindi maiwasan ni Mike na mangiti habang nanonood at nakikinig sa masayang pamilya ni Alexa. Hindi nagbago ang mga ito, simple pa rin at makikita ng mga titingin sa mga ito na hindi nagkukulang ang pagmamahal ng bawat isa sa mga miyembro ng pamilyang iyon. Minsan na siyang naging ekstrang miyembro nito at natutuwa siya na mukhang magiging bahagi siya nito ulit.

Nalaman niya na ang sine-celebrate pala ng mga ito ay ang 35th wedding anniversary ng mga magulang ng babae. Bilib na bilib siya sa mag-asawa. Ang kuwento kasi sa kanya ng kaibigan noon, maagang nag-asawa ang mga magulang nito. Kapwa man hindi nakapagtapos ng pag-aaral sa kolehiyo, nagpursigi ang mga ito para itaguyod at mapagtapos ang apat na mga anak na lalaki.

Maging ang relasyon ng mga ito at pagpapalaki sa mga anak ay hinahangaan din niya. Buong pagmamalaking ikinuwento sa kanya ng mag-asawa na si Kuya Angelo na pala ang nagpaaral kay Alexa. Kumuha lang daw ito ng work experience sa Pilipinas matapos maipasa ang board exam saka nagtrabaho sa Singapore. Sa edad na treinta y cinco ay parang kuntento na ito sa patuloy na pagtulong sa pamilya at wala pang balak mag-asawa.

Ibang-iba ang mga magulang ng babae sa mga magulang niya, kahit ilang taon nang kasal ang mga ito ay kitang-kita ang pagmamahal nito sa isa't isa. Kabaligtaran ng mga magulang niya, walang ginawa ang mga ito kung hindi magbangayan. At ang laging issue....pera.

Tatlo lang naman ang miyembro ng pamilya nila, pero parang laging may kakulangan iyon, patunay roon ang bahay na hanggang ngayon ay hinuhulugan pa rin nila sa bangko. Kung tutuusin, sa mahigit dalawampung taong pagtratabaho ng kanyang daddy sa Saudi, dapat ay may naipundar na ang mga ito na bahay.

Ang mommy niya ang dahilan niyon.

Kahit noong mga bata pa sila ni Alexa, mahilig nang makipagkumpetensya sa ibang mga ina na asawa ng OFW ang mommy niya. Kapag nakitaan nito ng bagong alahas o damit at bag ang isa sa mga mommy ng kaklase niya, kailangang magkaroon din ito niyon o mas higit pa roon. Hindi pa nakatulong na nahiligan din ng mommy niya na mag-slot machine sa casino.

Nadiskubre ng daddy niya na kaunti na lang ang inaakala nitong naipong pera na pinagpaguran nito ng kung ilang taon. Iyon ang dahilan kaya pinasunod

silang mag-ina sa Saudi. Mas makakaipon pa raw sila kung walang choice ang ina kundi manatili lamang sa loob ng bahay.

Ano man ang naipon dahil magkakasama na sila sa Saudi nang mag-highschool siya, nagastos na rin iyon dahil hindi pumayag ang mommy niya na hindi siya sa *Ateneo* magkolehiyo. Katwiran nito, kung nakaya ng mga pinsan nito na magpaaral ng anak sa *La Salle* at *UA&P*, kaya rin nila iyon. Mababawi rin daw ang anumang nagastos sa pag-aaral ni Mike kapag may magandang trabaho na siya at kumikita na ng malaki.

Hindi hamak na mas malaking pamilya sa kanila ang mga Mendoza, pero ni minsan hindi naman naging isyu ang pera sa mga ito. Naaalala pa nga niya na minsan pinupuntahan pa si Alexa ng dalawang kuya nito sa classroom para abutan ito ng ekstrang pera.

4

Naglalaro na ng basketball ang mga magkakapatid sa half-court di-kalayuan sa bahay nina Alexa nang dumating si Mike sa bahay ng mga ito isang araw ng Sabado.

“Ang tagal mo! Hindi tuloy ako makasali!” nakasimangot na maktol ni Alexa habang kinukuha ang mga gamit niya. Mabilis na inihagis nito ang mga iyon sa porch bago nila binalikan ang mga kapatid nito.

Sina Carlos, Dylan at Mike ang magkakakampi habang sina Angelo, Bryan at Alexa naman sa kabilang team. Hindi na isinatinig ni Mike ang pag-aalinlangang makipaglaro ng basketball na may kalabang babae, hindi naman seryosohan ang laro kaya okay na rin sa kanya.

Dibdiban pala ang laro ng mga ito....ang matalong team ang sasagot sa eat-all-you-can na isaw, barbecue at softdrinks sa subok at trusted na isawan sa kanto.

Napakaliit lang pala ng pinagkaiba ng pakikipaglaro sa mga lalaki at kay Alexa. Sobrang

liksi nito at aaminin na niya na napapagod din siya sa pagbabantay dito.

“Mike! Ayus-ayusin mo ang pagbabantay! Huwag ka na muna kasing magpa-cute,” sita ni Carlos sa kanya. Pinamulahan tuloy siya ng mukha, hindi naman iyon nakalusot kay Dylan. Si Alexa ang binalingan ng huli.

“Oist! Iniisahan mo na naman kami! Tuwing magsasama ka sa laro ng gustong pumorma sa 'yo lagi kayong nananaloh!”

“Kasalanan ba namin kung lampa kayo?”

“Saka, eeeeww!” nanghihilakbot na sigaw ni Alexa na may kasama pang pagngiwi ng mukha. “Hindi manliligaw si Mike, ano! Okay ka lang! Hindi kami talo niyan!”

“Kuya, ang gusto ko girlfriend hindi boyfriend! Saka naaawa lang ako kay Alexa baka umiyak pag natalo,” natatawang ganti ni Mike. Pinaningkitan siya ng mga mata ni Alexa bago nagpunas ng pawis at binatak ang magkabilang manggas ng kamiseta.

“Tingnan lang natin kung sino ang iiyak.”

Mayamaya pa inaabot na ni Mike ang braso ni Alexa, inaalalayan siya nito mula sa pagkakasalampak

niya sa semento. Ang pagkakatama ng balikat nito sa dibdib niya nang mag-lay up ito ang dahilan. Napapahiya sa sariling naisip niya tuloy na mas kailangan pa siguro niyang magbabad sa gym para palakasin ang sarili; kung hindi, mas magaan at mas maliit na si Alexa lang ang magpapatumba sa kanya.

Sa halip na matulungan siya nitong tumayo, ito ang sumubsob sa kanya. On instinct, pumulupot ang braso niya sa katawan nito.

“Kala ko ba hindi kayo talo?” buska na naman ni Dylan.

“Eh diyan nagsisimula iyan, ah,” segunda ni Carlos. Nakasimangot na tiningnan ni Alexa ang mukha niya bago itinukod ang palad sa kanyang dibdib.

“Oooomp,” lang ang lumabas sa bibig niya. Nawalan yata ng hangin ang baga niya. *Tsk, tsk, tsk. Kaya pa rin palang pikunin ng mga kuya niya si Alexa.*

Matapos hatiin sa tatlo ang total ng kinain nila at mabawasan ng two hundred pesos ang wallet ni Mike, nagkaayaan sila ng dalaga na manood ng *Avengers* sa mall malapit sa bahay ng mga ito.

“Uy, ano ’yan, date?” pambubuska ni Carlos.

“Date ka diyan! Manonood lang ng sine, date na!” nakaismid na sagot ni Alexa. Natatawa na lang si Mike sa magkakapatid na walang patid ang pag-aasaran na para bang mga bata pa rin.

Pinadaan ni Dylan ang hintuturo sa ilalim ng ilong ng dalaga, “Woshoo! Huwag i-deny, don’t tell a lie!” saka iwinasiwas ang daliri sa mukha ni Alexa.

Tumingin sa kanya ang kaibigan. Nakangising tumaas baba ang kilay ng dalaga saka lumigid sa likod ng kuyang salarin. Tinuhod nito ang alak-alakan ni Dylan habang umiinom ito sa paper cup na may laman pang softdrinks. Sambulat tuloy sa bibig at kamiseta nito ang *Coke*. Hagalpakan silang lahat ng tawa, pati ang madalas na seryosong panganay ay nakitawa na rin tuloy sa kalokohan ng tatlo.

“Okay lang ba na makiligo ako sa inyo? Hindi ba masyadong nakakahiya?” nag-aalangang tanong ni Mike mayamaya. Hindi kasi nila maaabutan ang movie sa oras na gusto nito kung uuwi pa siya para mag-shower. Mabuti na lang at kumpletong set naman ng damit ang lagi niyang dinadala tuwing may plano siyang maglaro ng basketball.

“Okay lang iyon, ano ka ba. Dati mo naman na iyong ginagawa, hindi ba? Nakikitulog ka pa nga sa amin, eh,” paniniguro sa kanya ni Alexa.

“Ginagawa ko nga dati....pero naman, twelve years ago pa iyon. Ngayon nga lang ako ulit sumulpot dito ’tapos makikiligo na ako agad. Bakit kasi hindi na lang ’yong susunod na showing ang panoorin natin? Saka maliit lang ang towel na dala ko.”

“Okay lang ’yan, Mickey daga. Pahihiramin na lang kita ng tuwalya. Basta huwag lang brief, ha!” nakangisi na namang hirit ni Dylan na binangga pa ang balikat niya bago nagpatiuna at humabol sa iba pang mga kuya ni Alexa.

Napapangiti si Alexa habang palipat-lipat sa screen at sa mukha ni Mike ang mga mata niya. Inihilig niya ang ulo sa braso ng katabi. Ang tugon nito ay pagsubo sa bibig niya ng isang dakot na popcorn.

Naaaliw siya na kung kailan kasama na niya si Mike ay saka niya naisip kung gaano niya ito na-miss. Simula naman kasi nang umalis ito ay wala na siyang ibang naging kaibigan na naging kasing-close nila ni Mike. Hindi naman dahil sa hindi niya sinubukang makipagkaibigan sa iba, sadya lang talaga na iba ang hilig ng mga nakakasalamuha niya. Kung minsan ay parang hindi masakyan ng mga ito o siya ang hindi makasakay sa mga ugali at personalidad ng mga ito.

Kakaiba nga lang siguro talaga siya dahil si Mike lang ang tanging nakagaanan niya ng loob. Nawiwirduhan siya sa sarili na sa dami ng mga naging kaklase, kakilala at katrabaho na madalas niyang makita, sa binata na ilang taon niyang hindi nakasama pa siya pinaka nag-e-enjoy nang husto.

“Gusto mong mag-*Starbucks*?” tanong ni Mike kay Alexa habang papalabas sila ng mall. Pareho silang nabusog sa dami ng inihaw na kung anu-ano na kinain nila ng mga kapatid nito kaya naisip niyang ayain na lang itong mag-kape.

“Naku, huwag na. Ang mahal doon,” tanggi nito. “Pero kung gusto mo talagang mag-kape, isasama kita sa favorite hangout ko.” Lumipat siya sa danger side. Kumunot ang noo nito at marahang hinatak siya sa siko bago pa niya maitapak ang paa sa kalsada.

“Bakit lumipat ka pa?”

“Siyempre ako ang lalaki, malamang ako dapat ang unang masagasaan, hindi ba?” katwiran niya.

“Iyon na nga! Nakalimutan mo na ba? Noong grade five pa tayo naisipan natin na mag-commute na lang at ’wag sumabay sa service, kamuntikan ka na nga talagang masagasaan kasi shushunga-

shunga ka!” nakaarko ang dalawang kilay na tila nanghahamon na sabi nito.

Napangiwi na lang siya. “Kaya simula noon sabi mo ikaw na lang lagi ang mauuna,” pagtatapos niya sa kuwento nito. “Ang tagal na noon, Alexa. Tingnan mo nga ako?” Sinunod naman siya nito. “Tingnan mo ’yang sarili mo.” Nakaismid na tiningnan nito ang sarili saka siya binalingan.

“Oh, eh ano naman ngayon kung mas malaki ka na sa akin? Ibig bang sabihin noon kaya mo nang tumawid nang hindi nasasagasaan?”

Umikot ang mga mata ni Mike, bumuntong-hininga nang malalim saka ikinawit ang braso niya sa leeg nito at bahagya itong hinila palapit sa kanya. Ipinulupot naman nito ang braso sa baywang niya.

“Halika na nga,” ani Mike habang nagsisimula nang tumawid. Nang makatawid na sila, hinila siya nito papunta sa *7-Eleven* sa di-kalayuan. Ang akala niya ay bibili lang ito ng kung anong anik-anik bago siya isama sa sinasabi nitong hangout.

“O di ba? Kasing-sarap pero di kasing-mahal ng kape sa *Starbucks*?” tanong nito mayamaya sa kanya matapos niyang tikman ang iniabot nitong vanilla cappuccino. Inilayo niya sa labi ang paper cup

saka ngumisi. Ang idea pala nito ng hangout ay ang mahabang mesa sa *7-Eleven* na pang animan. Kung hindi weekend ay malamang puno iyon ng mga tao na naghihintay ng taong imi-meet doon.

“I have to admit masarap nga, eh paano naman ang pambara sa kape?”

Itinaas lang nito ang hintuturo para sabihing maghintay lang siya. Nangiti na lang siya at inabangan kung ano ang bitbit nito pagbalik.

“Tada!” Inilapag nito sa harap niya ang dalawang supot na puti. “Tuna or corned beef?” Tuluyan na siyang tumawa.

“Tawa ka diyan! Look at where my one hundred fifty pesos got us. At may sukli pa!”

“Yeah, yeah, magaling ka na. Ako naman kasi ang sasagot kung nag-*Starbucks* tayo, eh.”

“Kahit na, parang nakakahinayang lang. Saka nakakahiya naman sa 'yo ikaw na nga ang nagbayad sa sinehan. Gagastos ka pa ulit para sa gintong kape.”

Sinundot niya ng daliri ang tagiliran nito.

“Aba dalaga na, ah! Marunong nang mahiya,” nakangising panunukso niya. “Samantalang dati inuutangan mo pa nga ako kapag kinapos ka sa

allowance para makabili ka ng turon.”

“Ulol! Ako pa nga ang nanlilibre sa 'yo kapag naambunan ako nina kuya,” may laman ang bibig na sabi nito.

“Ay!” naeskandalo kunwaring sabi niya. “Teacher Alexa! Bad iyon, saka don't talk when your mouth is full.”

Itinukod nito ang siko sa mesa saka siya hinarap. Exaggerated na nilunok muna nito ang kinakain bago siya sinagot. “Masaya ka na? Saka hindi naman mga bata ang kaharap ko ngayon. Isip-bata lang.”

Nakangiting pinunasan ni Mike ng tissue ang ilang crumbs ng pandesal sa bibig nito. “Hindi talaga ako manalo-nalo sa 'yo, ano?”

Thirty minutes din silang naglagi doon habang nag-aasaran at nagkukuwentuhan ng kung anu-ano. Nagkaungkatan din sila ng kawalan niya at kawalan din nito ng lovelife. May isang bahagi ng isip niya ang nanunudyo na baka kaya sila muling nagkita dahil sa dulo ay sila ang magkatuluyan.